Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7-L
2-9-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG PEBRERO 7, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

*DI-DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad-opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 072-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY NG GATID, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYON LIMANGDAAN DALAWAMPU'T APAT NA LIBO ISANGDAAN WALUMPUNG PISO (P3,524,180.00).**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 04-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2011 ng Sangguniang Barangay ng Gatid ukol sa taunang badyet para sa taong 2011 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Gatid.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, Florencio C. Odejar, Jun M. Asinas at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Gatid, bayang ito na nagkakahalaga ng P3,524,180.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 7, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan